State of California - Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850

Hunyo 2009

Pabatid sa Pagbabawas ng mga Benepisyo sa Medi-Cal

Mahal na Beneficiary:

Ipinadala ng California Department of Health Care Services ang pabatid na ito upang ipagbigay-alam sa inyo ang tungkol sa isang pagbabago sa batas na nilalaman sa Welfare and Institutions Code section 14131.10. Simula Hulyo 1, 2009, hindi na babayaran ng Medi-Cal ang ilan sa mga benepisyo. Ang pagbabagong ito ay makaka-apekto lamang sa mga beneficiary ng Medi-Cal na may edad na 21 at mas matanda pa. Kung ikaw ay may edad na 21 at mas matanda, maaari mo pa ring makuha ang mga benepisyong ito hanggang sa Hunyo 30, 2009.

Anong mga benepisyo ang hindi na mababayaran ng Medi-Cal?

Hindi na babayaran ng Medi-Cal ang mga sumusunod na benepisyo at serbisyo para sa karamihan ng mga may edad (mayroong ilang mga pagpapaliban):

- Mga serbisyong pang-ngipin
- Speech therapy na mga serbisyo
- Podiatric na mga serbisyo
- Audiology na mga serbisyo
- Chiropractic na mga serbisyo
- Acupuncture na mga serbisyo
- Optometric at optician na mga serbisyo (ophthalmology [mga serbisyo ng doktor para sa mata] ay patuloy na masasaklaw)
- Psychology na mga serbisyo (psychiatry na mga serbisyo, at lahat ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga programa para sa pangkalusugang pangkaisipan ng county ay patuloy na masasaklaw)
- Mga pamahid at panghugas para sa Incontinence

Ano ang mga hindi kasama?

Ang mga benepisyo at serbisyo sa itaas ay <u>HINDI</u> magbabago para sa mga beneficiary ng Medi-Cal na:

- May edad na mas bata sa 21; o
- Naninirahan sa isang pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (Level A o B; kabilang dito ang mga pasilidad para sa pag-aalaga sa medyo malalang pasyente); o
- Buntis. (Kung ikaw ay buntis, maaaring patuloy kang makatanggap ng mga benepisyo at sersbisyo na may kaugnayan sa pagbubuntis. Makakatanggap ka rin ng ibang mga benepisyo at serbisyo na nakalista sa itass upang gamutin ang mga kundisyon na, kung napabayaang hindi nagagamot, ay maaaring magdulot ng kahirapan sa pagbubuntis. Kabilang dito ang mga pagsusuri sa ngipin, pagpapalinis, at mga paggagamot sa gilagid. Ang dental at iba pang mga benepisyo at serbisyo ay maaari ring makuha kahit na hanggang 60 araw makalipas na mapanganak ang sanggol;) o
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng programa ng California Children's Service; o
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng isang Programa na Kasama ang lahat ng Uri ng Pag-aalaga para sa Nakatatanda (Program of All-Inclusive Care for the Elderly).

Kung hindi ko natutugunan ang mga hindi kasama sa itaas, makakatanggap pa rin ba ako ng mga nabawasang benepisyo?

Maaari ka pa rin makatanggap ng ilan o lahat ng mga nabawasang benepisyo, at ilang mga serbisyong dental kung ikaw ay:

- Tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Programa para sa Mga May Kapansanan na may kaugnayan sa Genes (Genetically Handicapped Persons Program); o
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng programa para sa kalusugang pangkaisipan ng county; o
- Tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng Medicare Part B na programa; o
- Tumatanggap ng mga serbisyo ng direkta na mula sa isang doktor.

Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong doktor o dentista kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga pagbabagong ito.

Mayroon bang mga benepisyo at serbisyo na nakalista sa itaas na maaari ko pa ring makuha kung hindi ko matugunan ang mga hindi kasama? Oo.

- Maaari kang makatanggap ng mga benepisyo at serbisyong nakalista sa itaas kung may emerhensiyang pangyayari ang naganap at kinakailangan ang benepisyo upang gamutin ang emerhensiyang kundisyon.
- Ang ilang mga medikal at pang-operasyon na serbisyong ipinagkakaloob ng isang dentista ay patuloy na masasaklaw. Tiyakin sa iyong dentista para sa karagdagang impormasyon.
- Ang ilan sa mga benepisyo at serbisyong ito ay maaaring ipagkaloob sa mga klinika para sa outpatient ng ospital, Mga Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan ng Pederal (Federally Qualified Health Centers), Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinics), Indian na Serbisyong Pangkalusugan (Indian Health Services), sentro ng pang-araw na pangangalagang pangkalusugan para sa may edad, o sa pamamagitan ng ilang mga ahensya ng pantirahang pangkalusugan. Tiyakin sa iyong pangunahing tagabigay-serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan para sa isang rekomendasyon.
- Ang ilan sa mga benepisyo at serbisyong ito ay maaaring ipagpatuloy kung ikaw ay kasalukuyan mong natatanggap ang mga ito o kung ikaw ay lumipat mula sa isang hindi kasamang grupo, tulad ng pagsapit sa edad na 21 taong gulang. Tiyakin sa iyong pangunahing tagabigay-serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan para sa karagdagang impormasyon.
- Ang kagawaran para sa kalusugan sa iyong county ay maaaring makapagkaloob sa iyo ng ilang mga benepisyo at serbisyo na hindi na nasasaklaw ng Medi-Cal.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Kami ay magkakaloob ng karagdagang mga kasagutan sa Department of Health Care Services na website sa **http://www.dhcs.ca.gov** at sa website ng Medi-Cal Web sa **http://www.medi-cal.ca.gov/**.

Kung mayroon ka pang mga katanungan tungkol sa mga pagbabago na ito, maaari mong tawagan ang Linya para sa Mga Serbisyo sa Beneficiary ng Medi-Cal sa **1-888-284-0623**.